REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 01-075B**

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAG-AATAS SA PAGPAPATUPAD NG "ODD-EVEN NUMBER REDUCTION SCHEME" SA MGA TRAYSIKEL SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.**

*************************************************************************

Ipinanukala ni: **KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**

Kasamang nagpanukala:
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
**KGG. RAUL R. CORRO**
**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
**KGG. BAL NIEFES**
**KGG. NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**KGG. ELMER S. ESPELETA**
**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**KGG. MARIO E. BULAY, JR.**
**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** isa sa mga layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay ang patuloy na pagsasa-ayos ng daloy ng trapiko sa buong Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang lahat ng mga lansangan (national, provincial, barangay, subdivision roads) ay kinakailangang malaya at maluwag sa anumang maaaring makakasagabal sa maayos at mabilis na daloy ng trapiko para sa kaginhawahan ng mga mag-aaral, namamasukan, mangangalakal, motorista, pedestrians at iba pang mga mamamayang bumabaybay dito;

**SAPAGKAT,** mapapansin na isa sa mga dahilan ng pagsisikip ng trapiko ay ang pagdami ng bilang ng traysikel sa buong lungsod na umaabot sa ***Apat na Libo, Dalawandaan Apatnapu't Tatlong (4,243) yunit***;

**SAPAGKAT,** upang maibsan ang problemang dulot sa trapiko ng mga traysikel ay minabuti ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatupad ng ***"Odd-Even Number Reduction Scheme"*** sa mga ruta ng traysikel o **"Tricycle Operators and Drivers Association (TODA)** sa Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Sangguniang Panlungsod na ang pagpapatupad ng "***Odd-Even Number Reduction Scheme***" sa mga ruta o TODA sa Lungsod ng Muntinlupa, maliban sa mga may dagliang pangangailangan (emergency cases), mga binigyan ng tanging pahintulor (special permits), at pampribadong traysikel na may motor, ay makakabawas sa pagsisikip ng trapiko sa dahilang mababawasan ang bilang ng mga namamasadang traysikel tuwing Lunes hanggang Biyernes (weekdays) at magiging dahilan naman ng karagdagang kita para sa mga traysikel operator/drayber na namamasada;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG MGA SUMUSUNOD:**

**ARTIKULO I**
**KAHULUGAN NG MGA SALITA**

**SEKSIYON 1.** Ang mga nakasaad na salita o parirala kapag binanggit sa ordinansang ito ay mangangahulugan ng:

a. **ODD-EVEN NUMBER REDUCTION SCHEME** – isang pamamaraan o sistema na ipinatutupad upang mabawasan ang bilang ng mga pampasaherong traysikel na bumabagtas o pumapasada sa mga lansangan sa Muntinlupa na nagiging sanhi ng pagsisikip ng trapiko. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga pampasaherong traysikel na may motor na bumagtas ayon sa itinadhanang iskedyul na huling numero ng tricycle body number.

b. **DRIVER** – taong pinahintulutan ng operator na mamasada ng traysikel, may karampatang lisensiya sa Tanggapan ng Panlupang Transportasyon at may rehistradong I.D. mula sa Tricycle Regulatory Unit (TRU).

c. **OPERATOR** – rehistradong may-ari ng yunit ng traysikel.

d. **OPERATOR/DRIVER** – rehistradong may-ari ng yunit ng traysikel at siya ring nagmamaneho/nagpapasada nito.

e. **TODA (Tricycle Operators and Drivers Association)** – samahan ng mga operator at drayber sa bawat sona o ruta ng traysikel sa Lungsod ng Muntinlupa.

f. **TRICYCLE BODY NUMBER** – numerong itinalaga ng TRU na ipinipinta sa harapan, likuran at loob ng sidecar.

g. **SPECIAL PERMIT** – tanging pahintulot na ibinibigay ng TRU hinggil sa nauna na kahilingan ng operator o driver-operator na magamit ang traysikel sa araw at oras ng hindi maaaring lumabas. Ito ay ibinibigay batay sa mga balidong kadahilanan o paggamit tulad ng paghahatid at pagsundo sa mga mag-aaral, may tiyak na oras at araw, may hangganan (expiration date), hindi maaaring pumasada at pumila sa terminal at maaaring bawiin o ipawalang-bisa anumang oras kung mapatunayan ang hindi pagsunod sa mga patakarang nakapaloob sa special permit.

## ARTIKULO II

## SAKLAW NG KAUTUSANG PANLUNGSOD

**SEKSIYON 2.** Lahat ng pampasaherong traysikel na may motor na binigyan ng pahintulot at prangkisa na magpasada sa nasasakupang lugar ng Lungsod ng Muntinlupa ay saklaw ng Kautusang Panlungsod na ito o **Odd-Even Reduction Scheme** maliban na lamang sa mga traysikel na kasapi ng isang TODA na may bilang na hindi hihigit sa isandaan limampung yunit (150) o ang natatanging pahintulot (special permit) na ibinigay ng Tanggapan ng Tricycle Regulatory Unit (TRU) at o ang traysikel na pampribado. Ang mga susumusunod na TODA ay saklaw ng Kautusang ito:

| PANGALAN NG TODA | YUNIT |
|---|---|
| 1. Alabang Proper Cupang (ABCMS-TODA, ACMS-TODA) | 1,100 |
| 2. Alabang Cupang Buli (BSTODA) | 450 |
| 3. Bayanan Proper (BPTODA) | 250 |
| 4. Putatan Soldiers Hills Camella ll (SIMTODA) (PCMHTODA) | 500 |
| 5. Lakeview Camella l (LAKASTODA) | 250 |
| 6. Poblacion Proper Rizal St., (SANGTODA) | 350 |
| 7. Poblacion Proper Quezon ST., (BPMTODA) | 200 |
| 8. NBP Reservation Camella lV (NBPTODA) | 536 |
| 9. Tunasan Proper (TPTODA) | 210 |

## ARTIKULO III

## ISKEDYUL NG ARAW NG PAGLABAS

**SEKSIYON 3.** Ito ay ipatutupad kung saan may araw na hindi sila papayagang mamasada batay sa mga sumusunod na iskedyul ng huling numero ng kanilang **Body Number** na itinalaga ng ***Tricycle Regulatory Unit (TRU)***:

| TRICYCLE ENDING BODY NO. | ARAW NG HINDI PAGLABAS |
|---|---|
| 1 at 2 | Lunes |
| 3 at 4 | Martes |
| 5 at 6 | Miyerkules |
| 7 at 8 | Huwebes |
| 9 at 10 | Biyernes |

## ARTIKULO IV

## PARUSA SA PAGLABAG

**SEKSIYON 4.** Ang mga traysikel drayber, operator, driver-operator at TODA na lumabag sa kautusang panlungsod na ito ay papatawan ng kaparusahan at multa ng mga sumusunod:

| BILANG NG PAGLABAG | MULTA |
|---|---|
| Una | P200.00 |
| Ikalawa | P400.00 |
| Ikatlo | P800.00 |

## ARTIKULO V

## APLIKASYON, SUGNAY NG PAGKAKABUKOD AT BISA NG ORDINANSA

**SEKSIYON 5.** Ang pagpapatupad ng ordinansang ito ty idaragdag sa tungkulin ng TRU at iba pang binigyang kapangyarihan upang magpatupad ng *Kautusang Panlungsod Bilang 96-66* o *"Ordinansa para sa Traysikel"*.

**SEKSIYON 6.** Lahat ng kautusang panlungsod na taliwas sa mga nilalaman ng kautusang ito ay pinawawalang bisa.

**SEKSIYON 7.** Ang Kautusang Panlungsod na ito ay magkakabisa kaagad matapos mapagtibay at maitala sa mga bulletin board ng Bahay Pamahalaan at iba pang hayag na lugar sa loob ng ***sampung (10)*** araw.

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong ika-7 ng **Pebrero 2001,** sa ginanap na ika-**113** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

*Pahina 5*
*Kautusang Panlungsod Blg. 01-075*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**NICANOR L. ECHAVEZ, MD**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**DI- LUMAHOK:**

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**LIBAN:**

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa:_______

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196